

Grupong teknikal binuo para sa planong palitan ng international buffalo semen

NI ALMIRA P. BENTADAN

Farmer field school Paggawa ng silage maiging pinag-aaralan ng mga magsasaka

NI DIANE ERICA D.G. BARAWID

“KAUNTI lang ang kakompetensya sa paggawa ng silage kaya kung marami ang magagawa mo, marami rin at malaki rin ang kikitain mo.”

Sabi ito ni Mang Isagani Cajucom ng Barangay Parista sa Lupao, Nueva Ecija na sumubok sa pagbuburo ng pakaing mais. Alam niya na malaki ang kailangang kapital sa gawaing ito pero sumuong pa rin siya. Naranasan niya agad ang kainaman nito nang maibenta niya ang silage na kanyang nagawa.

Ang pagsa-silage, ayon sa mga eksperto sa Philippine Carabao Center (PCC), ay paraan na kung saan ang bahaging katawan o ang puno ng isang partikular na halaman gaya ng mais ay binuburo upang mas tumagal pa na mapakinabangan ito. Bunga nito, ang mga sobrang pakain ay mapakikinabangan pa ng mga kalabaw lalo na sa pagdating ng tag-araw.

Sa paggawa ng binurong pagkain ng kalabaw, kailangan na ang halamang

(SUNDAN SA P. 11)

Bumuo ng isang teknikal na grupo ang ilang mga siyentista, *breeders at geneticists* na tututok sa pagpapasimula ng programa ng pagpapalitan ng magagandang *genetics* ng kalabaw sa buong mundo.

Ito ay resulta ng isinagawang *International Genetic Improvement Conference and Workshop* para sa mga gatasang kalabaw noong Nobyembre 28-29 sa Marriot Hotel sa Pasay City, Metro Manila.



Pinangunahan ng Philippine Carabao Center (PCC) sa pamumuno ni Executive Director Libertado C. Cruz (nakatayo, pang-siyam mula sa kanan) ang isang *consultation meeting* sa pagitan ng mga delegado mula sa iba't ibang buffalo-producing na bansa. Ginanap ang pagpupulong sa Marriot Hotel, Metro Manila.

Ang dalawang araw na pagtitipong ito ay pinangunahan ng Philippine Carabao Center (PCC), isang *attached agency* ng Kagawaran ng Agrikultura, na may mandatang palakasin at pagandahin ang *gene* ng *native* na kalabaw bilang malakas na mapagkukunan ng gatas at karne.

Nais ng grupo na makabuo ng isang pandaigdigang direktoryo ng semilya upang mapabilis ang pagkilala at

pagpapalitan ng magagandang lahi ng kalabaw mula sa mga kalahok na bansa.

Ayon kay Dr. Libertado C. Cruz, direktor ng PCC, ang programa ay iaayon sa Interbull, isang pangmalawakang komite na gumagawa ng tamang pagsusuri ng *gene* ng mga baka sa iba't ibang mga bansa.

“Mayroong dalawang mekanismo na ginagamit sa pagsusuri ng mga gatasang baka. Ang una ay ang sistema

ng pagtitipon ng tamang impormasyon sa mga hayop at pagtatalaga ng *neutral body* na kukuha ng lahat ng mga datos mula sa iba't ibang mga bansa at susuri sa *genetic potential* ng bawat hayop base sa kapaligiran nito. Ang pangalawa ay ang pagkakaroon ng *germplasm exchange*,” paliwanag niya.

Kanyang binigyang-diin na upang

(SUNDAN SA P. 11)

Makabagong pasilidad sa PCC sa UPLB, malaking tulong sa carabao development

NI KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE



Hinahawi ni Dr. Arnel del Barrio (gitna), direktor ng Philippine Carabao Center sa University of the Philippines – Los Baños (PCC sa UPLB) ang tabing ng marker sa bagong pasinayang *bull barn at semen laboratory* sa regional center ng PCC sa UPLB. Nakamasid sina UPLB Chancellor Rex Victor O. Cruz (kaliwa) at Dr. Libertado C. Cruz (kanan), executive director ng Philippine Carabao Center.

INAASA HANG mas darami pa ang bilang ng mga gatasang kalabaw sa buong bansa bunga ng pagkakaroon ng mga bagong pasilidad na *bull barn at semen processing laboratory* ng Philippine Carabao Center sa University of the Philippines, Los Banos (PCC sa UPLB).

Pinasinayaan kamakailan ang nasabing mga pasilidad.

Ang makabagong pasilidad ay itinayo ng PCC upang lalo pang paigtingin ang suporta nito sa Carabao Upgrading Program (CUP) at magsilbing sentro ng pananaliksik at pagpapaunlad ng mga teknolohiyang mapakikinabangan

ng mas marami pang magsasakang maggagatas at ng kanilang mga pamilya.

Naitatag ang laboratoryo sa tulong ng Animal and Dairy Sciences Cluster ng UPLB College of Agriculture.

Pinangunahan ang pagpapasinaya ng *bull barn at semen processing laboratory* nina UPLB Chancellor Rex Victor O. Cruz at PCC Executive Director Libertado C. Cruz. Kabilang din sa mga panauhin ay sina Regional Executive Directors Vilma M. Dimaculangan, Cipriano G. Santiago at Abelardo R. Bragas ng DA-RFU IV-A, DA-RFU IV-B at DA-RFU V, mga PCC regional center directors, opisyal ng lokal na pamahalaan, *municipal agriculturists* at mga miyembro ng *dairy cooperatives* sa CALABARZON region.

“Higit na matitiyak ng *bull barn at semen processing laboratory* ang sapat na suplay ng magandang kalidad ng semilya sa pagpaparami ng gatasang kalabaw,” ani Arnel Del Barrio, center director ng PCC sa UPLB.

“Dati sa maliit na laboratory room lamang namin isinasagawa ang

(SUNDAN SA P. 11)

SA LOOB

Bayan sa Isabela, nakalinya upang maging 'crossbred carabao capital' 2

PCC direktor, mananaliksik pinarangalan sa gintong anibersaryo ng PSAS 3

7th Gatas ng Kalabaw Festival, muling idinaos 3

Magsasaka-katiwala dumaan sa 2 araw na pagsasanay ng social preparation 4

Mga opisyal ng dairy coops dumalo sa "Pioneering Spirit Training" 5

Pagbabalik-tanaw sa nakaraan: Pagsasabuwatang marangal para sa makabuluhang layunin 6

Sila na tumulong na itindig ang PCC 8



Mga mestisang kalabaw ang bida sa parada para sa selebrasyon ng 9th Nuang Festival na ginanap sa San Agustin, Isabela kasabay ng paggunita sa ika-64 "Araw ng San Agustin".

Bayan sa Isabela, nakalinya upang maging 'crossbred buffalo capital'

Ni CHRISALYN L. MARCELO

ISA NA lang at 2,000 na sila.

Ang natukoy na bilang ay ang kabuuang dami ng mestisang kalabaw o *crossbred* na matatagpuan sa bayan ng San Agustin sa Isabela. Ang bayang ito ay patuloy ang pagsusumikap na mataguriang "Crossbred Buffalo Capital" ng Pilipinas.

Nitong Setyembre 27, kaugnay ng nakaugaliang taunang tradisyon sa San Agustin, ang mga nagmamalaking may-ari ng mga naglalakihang *crossbred* na kalabaw sa nasabing bayan ay ipinarada ang kanilang mga alagang hayop. Ang paradang ito ay isa sa mga *highlights* sa pagdiriwang ng "9th Nuang Festival" na ugnay sa paggunita sa ika-64 "Araw ng San Agustin".

Sa huling bilang din ng mga *stakeholders* para sa pagtatasa sa San Agustin upang maging "Crossbred Buffalo Capital", mayroon na ngayong 1,999 na *crossbred* sa bayan na nasa kamay ng mga magsasaka sa iba't-ibang barangay sa San Agustin.

Ang patuloy na pagtaas ng mga *crossbred* na ito ay naisagawa ng San Agustin sa patuloy na pagsuporta ng kanilang lokal na pamahalaan sa *artificial insemination program* katulong ang iba't-ibang ahensya.

"Ang kasalukuyang status namin ngayon bilang bayan na may pinakamaraming *crossbred* sa lahat ng munisipalidad sa bansa ay aming narating sa tulong na rin ng Philippine Carabao Center (PCC) na nag-endorso sa amin ng *AI program* noong 1993," ani Mayor Virgilio Padilla.

Isa pa sa dahilan ng pagsulong ng programa sa *crossbred* sa San Agustin,

dugtong ni Padilla, ay ang patuloy na pagsuporta ni gobernador Faustino Dy III ng Isabela at iba pang *program development partners*.

Nagbigay si Gob. Dy ng P5M sa San Agustin noong 2011 para sa patuloy na pagpapalakas sa *carabao development program* sa nasabing bayan.

"Bilang resulta ay patuloy na ngayong napauunlad ng mga magsasaka ang kanilang kinalalagyan sa ekonomiya dahil sa ang pondong ibinigay ng gobernador ay aming ginamit sa pagtatayo ng apat na *milk barns* bilang tugon sa

tumataas na pangangailangan sa lokal na produksyon ng gatas," saad ni Padilla.

Samantala, ayon naman sa *retired municipal agriculturist* ng bayan na si Julio Lamug, isa sa mga nanguna sa pagtataguyod ng *AI program*, ang kanilang bayan ngayon ay nagawa nang makapagpatayo ng isang *processing plant* para sa pagproseso ng gatas ng mga *crossbred* na kalabaw.

"Nasa ikalawang taon na ng operasyon ang aming *processing plant* sa tulong ng mga *program partners*," ani Lamug.

Ang programa sa pagpaparami ng *crossbred* na kalabaw, at ang kasudlong na *milk production at processing*, ay siyang programa ng San Agustin.

Ang Nuang Festival naman ay taunang isinasagawa bilang *highlight* ng bayan sa kanilang anibersaryo at upang maipakita rin ng mga magsasaka ang kanila nang narating sa patuloy na pagtataguyod sa *carabao development program*.

Sa nakaraang *festival*, muling isinagawa ang iba't-ibang kompetisyon na may kaugnayan sa mga *crossbred*

na kalabaw. Kabilang sa mga ito ang pagpili sa "Best Buffalo in Milk Production", "Best Dairy Carabao", "Best Dressed Buffaloes", "Best Draft Carabao" at "Best Carabao in Running".

Binigyan ng premyong salapi ang mga may-ari ng nanalong kalabaw. Halagang P200 naman ang ibinigay sa bawat magsasakang nagdala ng kanilang *crossbred* sa parada.

Samantala, tatlong opisyal ng PCC ang lumahok at nagsalita sa pagdiriwang. Sila'y sina Dr. Annabelle Sarabia, *operations chief* sa PCC National Headquarters and Gene Pool; Dr. Edwin Atabay, *center director* sa PCC sa Central Luzon State University; at si Prof. Frank T. Rellin, *center director* sa PCC sa Cagayan State University.

Pinuri nila ang mga magsasaka at mga *stakeholders* sa kanilang patuloy na pagsisikap na pag-igihin na paangatin ang lahi ng katutubong kalabaw, maging yaong mga *crossbred* na rin, upang mapakinabangan ng husto sa pagbibigay ng mas maraming gatas at karne.

Kooperatiba sa Pangasinan tumanggap ng mga gamit para sa wastong pagpoproseso ng gatas ng kalabaw

Ni KIMBERLY B. TURAJA

Salin sa Filipino ni Almira P. Bentadan



Pinangunahan nina Florante O. Leal, direktor ng DTI-Rehiyon I (pangatlo mula sa kaliwa); Mayor Heidee G. Chua (pang-apat mula kaliwa) ng Asingan; Dr. Annabelle Sarabia (pampito mula sa kaliwa), hepe ng operations ng Philippine Carabao Center (PCC); at Gloria M. dela Cruz (kanan), direktor ng PCC sa Don Mariano Marco Memorial State University (PCC at DMMMSU) ang pagbibigay ng mga gamit para sa pagpoproseso ng gatas ng kalabaw sa isang seremonya na ginanap sa Asingan, Pangasinan.

TUMANGGAP ang Bantog Samahang Nayon Multi-purpose Cooperative (BSNMPC) sa Asingan, Pangasinan ng mga gamit sa pagpoproseso na nagkakahalaga ng Php800,000 mula sa Department of Trade and Industry (DTI) sa Rehiyon I sa ilalim ng *shared service facility (SSF)* na programa nito.

Ang BSNMPC, na isa sa inaalalayang grupo ng Philippine Carabao Center (PCC), ay nakatanggap ng dalawang *soft ice cream makers*, tatlong *chest-type freezers*, dalawang *upright freezer/refrigerators*, at tatlong *milking machines*.

Ang proyektong SSF ay isa sa mga programa ng DTI na inilunsad noong 2012 upang suportahan ang mga kwalipikado at interesadong maliliit na negosyo (*micro, small at medium enterprises* o MSMEs). Layunin nitong pabilisin at pataasin ang kakayahan sa produksyon ng mga benepisyaryo upang mapabuti ang kalidad ng mga produkto ng mga ito at madagdagan ang kanilang kakayahang makipagsabayan sa global na merkado.

Pinangunahan nina Florante O. Leal, direktor ng DTI-Rehiyon I; Gloria M. dela Cruz, direktor ng PCC sa Don Mariano Marcos Memorial

(SUNDAN SA P. 11)

PCC direktor, mananaliksik, pinarangalan sa gintong anibersaryo ng PSAS

NI ALMIRA P. BENTADAN

PINARANGALAN si Dr. Libertado C. Cruz, *executive director* ng Philippine Carabao Center (PCC), bilang 2013 *lecture-honoree* sa idinaos na ika-50 *scientific seminar* at taunang pagpupulong ng Philippine Society of Animal Scientists (PSAS) noong ika 22-25 ng Oktubre sa Tagaytay City, Cavite.

Ayon sa PSAS, ang kontribusyon ni Dr. Cruz sa industriya ng paghahayupan sa Pilipinas, kabilang ang kanyang adbokasiya sa paggamit ng *biotechnology* sa *veterinary* at *animal science* at ang kanyang mahigit dalawang dekadang pagiging lider ng PCC ang dahilan kung bakit siya ang kanilang napili para gawaran ng parangal.

Apat pang mga kawani ng PCC ang pinarangalan sa pagtitipon na isinabay sa gintong anibersaryo ng PSAS.

Si Dr. Eufrocina Atabay, pinuno ng Reproductive Biotechnology Unit ng PCC, ay ginawaran ng PSAS Bounty Agro-Venture, Inc. Distinguished Researcher in Veterinary Science Award. Ito ay bilang pagkilala sa kanyang “katangi-tangi at orihinal na pag-aaral na nagdulot ng pagkakagawa ng mga makabagong teknolohiya sa larangan ng *veterinary* at *animal science*.”

Samantala, itinanghal naman si Jose Canaria, *senior science research specialist* sa PCC sa University of the Philippines -Los Baños (PCC sa UPLB), bilang PSAS-Equalivet, Inc. Outstanding Professional in Veterinary/Animal Science Extension. Bilang isang *extensionist*, tumulong si Canaria sa pagbuo at pag-alalay sa iba't-ibang organisasyon ng mga magsasaka. Namuno rin siya sa pagsasagawa ng mga pagsasanay at *seminar* para sa mga ito.

Sina Dr. Prudencio Pedro ng Repro-Biotech Unit at Catherine Dabalos ng PCC sa Mariano Marcos State University (MMSU) ay pinarangalan dahil sa pagkapili ng kanilang pananaliksik bilang “Best Paper”.

Ang pananaliksik ni Pedro na pinamagatang “Buffalo and Bovine Embryo Development from In-Vitro Matured Oocytes derived from Slaughterhouse



Sina Jose Canaria (kaliwa), *senior science research specialist* sa PCC sa University of the Philippines sa Los Baños (UPLB) at Dr. Eufrocina Atabay (pangalawa mula sa kanan), pinuno ng Reproductive Biotechnology Unit ng PCC ang ilan sa mga pinarangalang mananaliksik ng Philippine Carabao Center (PCC) sa ika-50 *scientific seminar* at taunang *convention* ng Philippine Society of Animal Scientists (PSAS).

through Intracytoplasmic Sperm Injection Technique” ay hinirang na pinakamabuting pag-aaral sa ilalim ng kategoryang *biotechnology*. Binigyan din ng parehong parangal ang pag-aaral na ito sa ginanap na taunang *in-house review* ng PCC noong Mayo.

Ang pag-aaral naman ni Dabalos na “Reducing Calf

Morbidity and Mortality through Improved Housing Management and Early Introduction of Concentrates and Forage Grasses” ay nakatanggap ng parehong pagkilala sa ilalim naman ng kategoryang *applied research category*.

Ginaganap taun-taon, kasama sa pagtitipong ito ng PSAS ang serye ng lektura

at siyentipikong *seminar* tampok ang mga paksa na may kinalaman sa pagsulong ng *animal* at *veterinary science*. Binigyang-diin din dito ang pagbibigay ng parangal sa mga karapat-dapat na miyembro ng organisasyon bilang pagkilala sa kanilang katangi-tanging kontribusyon sa akademiya, pananaliksik at ekstensiyon, at sa pangkalahatang industriya ng paghahayupan.

Sa Gen. Natividad

7th Gatas ng Kalabaw Festival, muling idinaos

NI WILMA DEL ROSARIO

MULI NA namang idinaos ng Nueva Ecija ang Gatas ng Kalabaw Festival, isa sa mga taunang aktibidad na isinasagawa ng lalawigan bilang suporta sa pagnanais nitong maging Dairy Capital ng Pilipinas.

Ito ay halinhinang idinaraos sa iba't-ibang bayan ng Nueva Ecija na aktibong sumusuporta sa programang gatasang kalabaw.

Ngayong taon, ginanap ang festival noong ika-15 ng Nobyembre sa bayan ng Gen. Natividad.

Tulad ng nakaraang anim na *festivals*, itinaguyod ang katatapos na *festival* sa pamamagitan ng isang programa na kung saan binigyang-diin ang kahalagahan at benepisyong gatas ng kalabaw at ng gatasang kalabaw sa kalusugan ng tao at sa buhay ng mga magsasakang maggagatas.

Isa rin itong pasinaya sa gatas ng kalabaw bilang *one-town, one-product* o OTOP ng lalawigan.

Bahagi ng *festival* ang ‘tagay pugay’ ang sabay-sabay na pagtagay at pag-inom ng gatas ng kalabaw na buong kasiyahang isinagawa ng mga mag-aaral ng *kindergarten*



Sinamahan nina Philippine Carabao Center (PCC) operations Chief Dr. Annabelle Sarabia (panlima mula sa kaliwa), General Natividad Mayor Areli Grace Santos (pang-apat mula sa kaliwa), DTI Provincial Director Brigida Pili (pang-apat mula sa kanan, at iba pang lokal na opisyal ang mga kindergarten sa tagay pugay para sa selebrasyon ng ika-pitong Gatas ng Kalabaw Festival.

at mga kinatawan mula sa pribado at pampublikong ahensiya.

Isinalarawan sa tagay pugay ang pagtutulongan ng iba't-ibang sektor upang itaguyod at palakasin ang lokal na industriya ng paggagatas sa probinsya.

Sa kanyang mensahe, ipinaabot ni Dr. Annabelle Sarabia, hepe ng *operations unit* ng Philippine Carabao Center (PCC) ang patuloy na

suporta ng ahensiya sa mga magsasakang maggagatas. Kanya ring pinasalamatan ang lokal na gobyerno ng Nueva Ecija at ng iba pang ahensiya na sumusuporta sa PCC sa pagsisikap nitong palakasin at paunlarin ang lokal na industriya ng gatas para sa ikabubuti ng maliliit na magsasaka.

Ipinagkaloob din ng Department of Trade and Industry (DTI) sa nasabing

programa ang mga kagamitan sa paggagatas at ang *village-based milk collection centers* sa mga kumpol ng kooperatibang maggagatas sa bayan ng Guimba, Sto. Domingo, Llanera, at Gen. Natividad sa pamamagitan ng seremonyal na pagbibigay bilang bahagi ng “Shared Service Facilities” na programa nito.

Samantala, sa pangunguna ni DTI probinsyal Direktor Brigida Pili, inilunsad ng

DTI, kasabay ng *festival*, ang “Diskwento Caravan” ng lalawigan. Tampok dito ang iba't ibang produkto na gawang Novo Ecijano tulad ng mga basket, pagkain, at iba pang kalakal na ibinebenta sa murang halaga. Layunin nito na tulungan ang mga lokal na negosyante sa pagtataguyod ng kanilang produkto hindi lang sa probinsya kundi maging sa buong rehiyon.

(SUNDAN SA P. 11)

Mga opisyal ng dairy co-op sa NIZ, sumailalim sa iba't ibang mga pagsasanay

NINA CHRISALYN L. MARCELO
AT ALMIRA P. BENTADAN

DUMAAN sa ilang pagsasanay ang mga opisyaes ng mga *dairy cooperatives* sa Nueva Ecija na siyang National Impact Zone (NIZ) ng Carabao Development Program ng Philippine Carabao Center (PCC).

Ang mga pagsasanay na ito ay alinsunod sa 14 na *module* na binuo ng Cooperative Development Authority (CDA) at Coop Education Forum (CEF) bilang bahagi ng pagpapalago ng kaalaman para sa mga opisyaes ng mga kooperatiba sa bansa.

Ang mga *modules*, ayon sa CDA ay nakapaloob sa "Standard Training Curricula for Cooperative Officers" na kanilang isinaayos kasama ng CEF upang lalo pang hubugin ang kakayahan ng mga opisyaes upang sila'y mabigyan ng sapat na kasanayan na kailangan sa pagganap sa kani-kanilang tungkulin at responsibilidad.

Para sa rehiyon III kung saan kabilang ang Nueva Ecija, ang Training Office sa Central Luzon State University (CLSU) lamang ang itinakda ng CDA na maging tagasanay ng mga opisyal ng kooperatiba sa nasabing rehiyon.

Pagsasanay sa Pamamahala ng Sigalutan

Tatumpu't limang opisyal mula sa iba't-ibang *dairy co-op* sa Nueva Ecija ang sumailalim sa dalawang araw na pagsasanay ukol sa pamamahala ng sigalutan o *conflict management* sa co-op nila.

Ginanap nitong Nobyembre 13-14 sa PCC National Headquarters sa Muñoz, Nueva Ecija, ang mga lumahok na opisyaes ay natutong mabuti sa ilang paraan upang mapangasiwaan ang posibleng sigalutan na mangyayari sa loob ng kanilang kooperatiba.

Bilang patunay, tiniyak ni Melchor Correa na ang kanilang natutunan sa pagsasanay ay siguradong makatutulong sa kanilang co-op partikular na sa kanya bilang *chairman* ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) at bilang indibidwal na rin sakali mang magkaroon ng sigalutan sa pagitan ng kaniyang pamilya o ng mga miyembro sa co-op nila.

Sa pamumuno naman ng direktor ng CLSU Training Office na si Dr. Teodora T. Battad, ang pagsasanay ay maayos na naisagawa.

Pagsasanay sa Pagbuo ng Estratehikong Plano

Limampu't isang miyembro naman ng *board of directors* (BOD) at *general managers* ng 21 kooperatiba ng maggagatas sa Nueva Ecija ang sumailalim sa tatlong araw na pagsasanay sa paggawa ng estratehikong plano.

Ginanap din sa PCC National Headquarters and Gene Pool noong Nobyembre 19-21 ang pagsasanay.

Mahalaga ang pagsasailalim sa mga *general managers* at miyembro ng BOD dahil sila ang nagtatalaga at nagpapasya ng estratehikong direksyon na dapat tahakin ng koop at gumagawa ng mga plano na magdadala sa kanila sa direksyong ito.

Sa pagsasanay, hinikayat ni Engr. Adorable Pineda, miyembro ng presidential staff sa CLSU, ang mga kalahok sa pagsasanay na maging "systems thinker" at ituring ang kani-kanilang kooperatiba na isang sistema at ang baw't kasapi ay magkakaugnay na bahagi ng sistema. Ang sistemang ito, dagdag pa niya, ay gumagalaw sa konteksto ng mas malalaking sistema, at ang magandang pagganap ng tungkulin ay nakakamit sa pagpapalakas at pagbabalanse ng mga proseso sa loob ng sistema.

Sa kontekstong ito, ginabayan ni Dr. Pastora S. Coloma, direktor ng Extension sa CLSU, ang mga kalahok sa pag-aaral sa iba't-ibang prosesong sangkot sa pagbuo ng estratehikong plano para sa kanilang kooperatiba.

"Ang estratehikong plano ang nagsisilbing *game plan* o *business plan* ng isang organisasyon upang maabot nito ang kanyang mga layunin," pahayag ni Dr. Coloma. "Saklaw nito ang tatlo hanggang limang taon at kailangan ng masusing pagpapalano. Kailangang ito ay tinanggap at sinangayunan ng mga miyembro ng kooperatiba," dagdag pa niya.

Ayon kay Dr. Coloma, kasama sa estratehikong pagpapalano ang pagkilala sa mga isyung dapat solusyonan ayon sa *vision*, *mission*, at layuning itinakda ng

Magsasaka-katiwala dumaan sa 2 araw na pagsasanay sa social preparation

NI MA. CECILIA C. IRANG

BILANG ISA sa mga alituntunin para maging kwalipikado sa proyektong pagkakaloob ng 25 gatasang kalabaw ng Philippine Carabao Center (PCC), 43 prospektibong magsasaka-katiwala ang sumailalim sa dalawang araw na pagsasanay na ukol sa *social preparation* noong Nobyembre 11-12 sa PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.



Bumuo ng plano at pangako bilang *trustees* sa ilalim ng 25-dairy cow module na proyektong Philippine Carabao Center (PCC) ang ilang mga magsasakang dumaan sa *social preparation training* bilang paghahanda sa pagtanggap ng mga gatasang kalabaw.

Isinagawa ang nasabing pagsasanay ng Dairy Herd Improvement and Enterprise Development Program ng PCC. Nilayon nito na pataasin ang antas ng kaalaman at kamalayan ng mga magsasaka-katiwala alinsunod sa mga hakbangin at prosesong kinakailangan sa pag-aaplay para sa proyektong gatasan ng PCC.

Sinikap din ng pagsasanay na makabuo ang mga kalahok ng angkop na pansarili at pansamahang pananaw at pagtanggap sa proyektong 25 gatasang kalabaw at makabuo ng matibay na kamalayang makipagmay-ari sa proyektong ito.

Nagmula ang mga nagsanay sa iba't-ibang kooperatiba ng Nueva Ecija na siyang lalawigang itinalagang National Impact Zone (NIZ) sa ilalim ng Carabao Development Program (CDP).

kooperatiba.

Idinagdag pa niya na ang pag-aanalisa at pagtasa sa panloob at panlabas na salik ng kooperatiba sa pamamagitan ng pag-uuri kung ito ay kalakasan, kahinaan, oportunidad, o banta sa kooperatiba ay makatutulong upang makabuo at makapagpasya ng tamang paraan sa pagbuo ng isang matatag na estratehiya para sa

Dalawampu't isa sa kanila ang galing sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (MPC), siyam sa Bagong Pagasa sa Bagong Talavera, dalawa sa Licaong Dairy Producers Cooperative, tatlo sa Agpapa Irrigators Credit Cooperative, anim sa Nag-iisang Masikap MPC, isa sa Bubalus Bubalis Dairy Farmers Association, at isa sa New Mabuhay MPC.

"Inihanda sila sa sosyal at teknikal na aspeto ng proyektong gatasang kalabaw. Itong training na ito ay isang paraan din para matugunan 'yong isyu ng paglilipat ng kalabaw ng ibang magsasaka-katiwala sa ibang miyembro ng kooperatiba nang wala man lang sapat na pagsasanay. Samakatuwid, ito ay paglabag sa mga kailangan para sa proyekto," ani Marilou Santos, *cooperative management and monitoring staff* ng PCC.

Ang *social preparation*

koop.

Bilang *output* ng pagsasanay, ang mga kalahok ay binuo sa iba't ibang grupo ayon sa kanilang kooperatiba at gumawa ng halimbawa ng estratehikong plano na kanilang ipinakita sa huling araw ng pagsasanay.

"Ating hinihimok ang mga kooperatiba na patuloy na pagbutihin ang kanilang mga organisasyon sa pamamagitan

ay isa sa mga pangunahing pagsasanay na dapat pagdaanan ng mga magsasaka-katiwala at ng kanilang kooperatiba para maging kwalipikado sa pamantayan ng pagpili para sa proyektong gatasan, ani Santos.

Ayon pa sa kanya, may mga kalabaw na maaring ipagkatiwala sa mga nakilahok kung matugunan nila ang lahat ng mga pangangailangan para sa proyektong gatasan.

"Itong pagsasanay na ito ay inasahan naming makatutulong sa ating mga magsasaka-katiwala para malaman at maging pamilyar sila sa mga dapat at hindi dapat gawin sa proyektong gatasang kalabaw ng PCC.

Sa pagsasanay na ito, napag-aalaman din namin ang iba't-ibang kapakinabangang kayang ibigay ng kalabaw," ani Zoren Moralla ng Nag-iisang Masikap MPC.

ng pagbuo ng epektibong estratehikong plano. Hiniling nating gumawa sila ng kanilang estratehikong plano para sa susunod na limang taon at bigyan tayo ng kopya ng nabuo nilang plano," ani Wilma Del Rosario, Agriculturist II sa PCC sa Nueva Ecija na kasalukuyang umaagapay sa mga kooperatiba na may mga gatasang kalabaw.

Mga opisyaales ng *dairy co-ops* dumalo sa 'Pioneering Spirit Training'

NI RONALD GORDOLAN

DUMALO ang kabuuang 43 direktor at miyembro ng kooperatibang kasapi ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) sa Pioneering Spirit Training na layong magbigay ng "panibagong pananaw, kaalaman at disiplina" sa pagpapabuti ng kanilang mga gawain.



Nanumpa ang mga opisyaales at staff ng mga dairy cooperatives sa Canaan Pledge bilang pagtatapos ng Pioneering Spirit Training na kanilang dinaluhan. Ang pagsasanay ay isang values orientation training na inorganisa ng Philippine Carabao Center para sa mga tinutulungan nitong mga dairy cooperatives. Layun nitong baguhin ang pag-iisip ng mga tao, itanim ang kahalagahan ng disiplina at teamwork sa mga dumalo.

Hinati sa dalawang grupo ang mga nagsilohok sa training na isinagawa ng Canaan Farmer's Training Foundation Center, Inc. (CFTFC) sa punong tanggapan at training center nito sa Barangay Gutad, Floridablanca, Pampanga noong Nobyembre 25-26 at Disyembre 12-13.

Ang pagsasanay ay inorganisa ng Philippine Carabao Center sa pamamagitan ng Dairy Herd Improvement and Enterprise Development (DHI-ED) team nito sa pangunguna ni agriculturist II Wilma T. del Rosario.

Nagbigay ng kanilang mga

lektur sina president Kwan Soo Lee at Assistant Director Neribeth Ignacio ng CFTFC.

"Kung walang pagbabago sa iniisip ng tao, walang magiging pagbabago sa kanyang ginagawa. Kaya naman mahalagang unahin ang pagbabagong-isip sa una pa lang. At iyon ay simulain sa pagkakaroon ng pioneering

spirit sa paggawa, paglilingkod at pagsasakripisyo sa buhay," wika ni Lee sa Ingles ukol sa pinakamahalagang aral na ibinahagi ng pagsasanay sa mga trainees.

Pinaliwang din ni Ignacio na ang "unang-una nating dapat maintindihan ay ang katotohanang ang pagbabago ay hindi agad sa malakihang bahagdan kundi sisimulan natin sa maliliit na bagay, sa simpleng bagay na araw-araw na ginagawa sa pansariling buhay."

Ang mga paksang isinaad sa training course ay ang pioneering history, Canaan strategies, pioneering spirit, living constitution, basic economy, community development, small scale entrepreneurship at life toward Canaan. Binigyang-diin din ang mga prinsipyo ng Canaan ukol sa "paggawa, paglilingkod at pagsasakripisyo" na dapat matamo ng mga kawani lalo't higit ng mga namumuno.

Bukod sa lektur at talakayan ng grupo, mayroon ding pagdadamo, pagbubungkal at pagtatanim bilang field work na ipinagawa sa mga sinanay.

Kaugnay ng gawaing ito ay ang pagbabahagi ng karanasan ng bawat isa ukol sa kahulugan ng payak na buhay at kahalagahan ng pagtutulungan sa isang grupo.

"Ang mahalaga, kahit parang sinasabing simple lang, malaking bagay na ito. Sa trabaho kapag nagkaisa kami o nagtulong-tulong ay malaking bagay ito para iyong susunod ay matatapos ng madali," saad ni Juanito Dumali, direktor ng kooperatiba ng gatas sa Licaong, Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Para naman kay Heraldo delo Santos, miyembro ng BOD sa kooperatiba ng Casile, ang "mapahalagahan ang bawat isa sa amin, lalong lalo na iyong respeto sa kapwa, sa bawat isa at iyong hindi maging maaksaya sa lahat ng bagay" ang pinaka magandang natutunan niya na bahagi ng training.

Samantala, natutunan ni Myra Bennales, ingat-yaman sa NEFEDCCO, ang pagpapahalaga "sa oras at higit sa lahat sa oras ng iba" at "ang disiplina sa trabaho upang magampanan ito ng maayos."

Mga magsasakang maggagatas, nagtamo ng bago, mga karagdagang kaalaman sa Farmer's Field Day

NI RACHELLE-ANNE ROSQUETA Salin sa Filipino ni Ma. Cecilia C. Irang

NAGTAMO ng karagdagang kaalaman at kasanayan sa tamang pangangasiwa at pag-aalaga ng kalabaw ang mga magsasakang maggagatas mula sa mga kooperatiba sa Nueva Ecija sa idinaos na Farmer's Field Day na pinangunahan ng Philippine Carabao Center (PCC) noong ika-25 ng Hunyo.

Ayon kay Conrado P. Penuliar, isang kawani ng Human Resource Management Section ng PCC, layunin ng gawaing ito na iangat ang ugnayan ng mga frontliners ng ahensya, mga mananaliksik, at mga tinutulungang magsasakang maggagatas ng PCC upang pag-usapan ang mga isyu sa paggagatas. Dagdag niya, hinangad din ng pagtitipong ito na magkaroon ng sapat na pag-unawa ang mga taong sangkot sa programa kung paano lalong mapabubuti ang produksiyon ng gatas ng kalabaw na nasa kamay ng mga magsasaka.

Ang pagtitipon ay isinagawa sa PCC Gene Pool sa Science City of Muñoz at ito ay nilahukan ng 47 na magsasaka at 31 kawani ng PCC. Ang field day ay may temang "Kaalaman sa Dairying, Ating Pagyamanin".



Ibinahagi ni Dr. Daniel Aquino, pinuno ng Animal Nutrition Unit at tagapamahala ng National Gene Pool ng PCC, ang ilang teknolohiya sa pag-aalaga ng kalabaw at paggagatas sa mga magsasakang maggagatas na dumalo sa Farmers' Field Day.

Ang mga magsasakang dumalo ay mula sa Bagong Pag-asa Multi-purpose Cooperative (MPC) ng Bantug, Talavera; Makabangong Pag-asa MPC; Green Leaves Credit Cooperative; Eastern PMPC; PAO Producers Cooperative; Bagong Pag-asa ng Magsasaka Cooperative; Kapitbahayan ng Mabini Cooperative; at Mamandil Coop.

Nagsilbing pangunahing tagapagsalita si Dr. Daniel Aquino, national gene pool coordinator ng PCC, at pangalawang tagapagsalita naman si Dr. Roger Cuyno, dating propesor sa University of the Philippines sa Los Baños (UPLB).

Pokus ng presentasyon ni Dr. Aquino ang dalawang mahahalagang aspeto ng

pag-aalaga ng kalabaw at paggagatas na Artificial Calf Rearing (ACR) at Total Mixed Ration (TMR).

Ang ACR, ani Dr. Aquino, ay ang paghahanda at pagpapakain ng milk replacer sa bulo na mula isang linggong edad hanggang sa pag-awat sa pagsuso sa ika-90 araw. Ang bulo ay unang sinasanay na dumede sa gitnang daliri

(ng tao) upang gayahin ang suso ng ina hanggang sa ito ay handa na sa pagsuso sa botelya at sa huli ay sa timba.

Sa kabilang banda, ang TMR ay ang paghahalo ng lahat ng sangkap sa pagkain ng kalabaw sa tamang proporsyon upang makabuo ng kumpletong rasyon na makapagbibigay ng sapat na sustansiya para sa mga gatasang kalabaw. Ito ay nagtataglay ng mga damo, concentrate, pinaghalong mineral, bitamina at feeds na maaring magdulot ng malaking pagbuti sa produksiyon ng mga kalabaw.

"Basta't ibinibigay ang kumpletong sustansiya na kailangan ng mga gatasang kalabaw, kaya rin nitong magbigay ng mas maraming gatas araw-araw na higit pa sa inaakala mo," saad ni Dr. Aquino.

Pagkatapos ng demonstrasyon, nagkaroon ng talakayan na pinangunahan ni Mario Delizo, project development officer na nakatalaga sa National Impact Zone (NIZ) ng PCC. Nagbukas ito ng pagkakataon para sa mga magsasakang kasali na makapagtanong ukol sa mga teknolohiyang napag-usapan at ipinakita ng PCC.

Kung makapagsasalita ang kalabaw, ang una nitong sasabihin ay “salamat” ng maraming maraming beses. At sapagka’t ang mga tao, partikular na ang mga magsasaka, ang siyang may kapasidad na bumigkas nito, buong linaw nilang sinasabi: *daghang salamat, adyaman ka, at salamat jud.*

Ang pasasalamat nila’y para sa institusyunalisasyon ng *carabao development* at sa pagkakatatag ng Philippine Carabao Center (PCC). Ang una ay naganap sa paglalagda ng batas ukol sa kalabaw noong 1992, na kilala sa tawag na Philippine Carabao Act of 1992, at matapos ang isang taon ay ang pagkakatatag ng Philippine Carabao Center.

Sa nakaraang dalawang dekada, ang dalawang establisyamentong ito ay patuloy sa paglinang ng mga paraan sa higit pang pagpapa-unlad ng lahi ng kalabaw sa kapakinabangan ng mga magsasaka at iba’t-ibang bahagi ng lipunan.

Gayunpaman, ang pagluluwal ng dalawang ito ay hindi nangyari sa iisang araw lamang. Mayroong marangal na sabwatang naganap sa mga pangyayaring ito na siyang

Espanya ang noo’y gobernador-heneral ng bansa na “turuan ang mga magsasakang Pilipino at kanilang mga hepe na paamuin at paramihin ang mga kalabaw.”

Gayunman, isinaad ng ilang salaysay na ang mga sina-unang dayuhan na namalagi sa bansa, ang siyang nagdala ng mga kalabaw na makatutulong na pantrabaho sa bukid at sa mga aspetong pang-agrikultura.

Ang kalabaw ang siyang naging kasama at katulong ng mga magsasaka para maglinang ng bukirin para sa produksiyon ng palay, mais, tubo, tabako, mga gulay, at iba pang mga pananim para sa ikagaganda ng ekonomiya ng mga magsasaka, pamilyang magsasaka, negosyante, may-ari ng lupa, at maging ng buong bansa.

Bukod dito, marami pang ibang

Ang kalabaw ang siyang naging kasama at katulong ng mga magsasaka para maglinang ng bukirin para sa produksiyon ng...mga pananim para sa ikagaganda ng ekonomiya ng mga magsasaka, pamilyang magsasaka, negosyante, may-ari ng lupa, at maging ng buong bansa.

kung pista ng bayan, lunsod o nayon bilang pasasalamat.

Gayunman, may mga pangyayaring nagpaliit sa importansiya ng mga kalabaw sa Pilipinas. Isa na rito ang pagdagsa ng mga makinayang pang-agrikultura. Ang makinang “Lakas Elepante” ang pinaka-unang *hand tractors* na nabenta sa Pilipinas na nanggaling pa sa bansang Taiwan. Ang mga makinang

noong 1973. Di-naglaon ay isinagawa ang sampung taong proyektong “Strengthening of the Philippine Carabao Research and Development Center” o PCRDC.

Sila ang mga naging binhi o saligan para sa dakilang layuning bigyan ng kaukulang pagtingin at pag-aaruga ang kalabaw.

Pagtanim, pag-aalaga sa binhi

Pagbabalik-tanaw sa nakaraan

Pagsasabuwatang marangal para sa makabuluhang layunin

NI ANSELMO S. ROQUE
Salin sa Filipino ni Ma. Cecilia C. Irang



itinaguyod ng maraming tao na hangad ang makabuluhang layunin upang labis na maging kapaki-pakinabang ang mga ito para sa kalabaw, sa mga magsasaka at kani-kanilang mga pamilya, negosyante at iba pa.

Epiko ng kalabaw

Sabi ng iba, ang mga kalabaw ay mga katutubo sa Pilipinas base sa ulat ng mga Espanyol na, sa pananakop nila sa isla ng Luzon noong 1572 ay nagsabing marami silang nakitang mga kalabaw noon. Taong 1589 nang utusan ni Haring Philip ng bansang

kapakinabangang inihatid ang mga kalabaw dahil naging pagkain din ito, nagamit sa pag-hila ng sasakyan at naging katuwang sa paglalakbay sa mga gulod at bundok. Nakapagbigay din ito ng gatas sa pamilya kahit na limitado lamang ang kaya nitong ibigay kumpara sa kalabaw na *riverine type* (gatasang lahi).

Kung susukatin ang dami ng naging kontribusyon ng mga kalabaw, marahil sadyang napakalaking halaga ng pera ang magiging katumbas nito. Kung kaya naman sa ilang mga lugar sa bansa ginawan ang mga kalabaw ng monumento at pinarangalan

ito ay malalaki at mabibigat kung kaya’t may kamahalan ang presyo. Karamihan sa mga ito ay ipinahiram sa mga magsasaka sa ilalim ng K.K.K. (Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran) sa “Programang Masagana 99” sa ilalim ng Martial Law *period*. Naging daan ito upang mamenos ang kontribusyon ng kalabaw. Dagdag pa rito, lumiit ang kalabaw bunga na rin sa pagpapabaya sa kalahian nito at wastong pangangasiwa.

Hanggang sa maging paksa ang mga kalabaw sa pananaliksik ng dating Philippine Council on Agricultural Research (ngayo’y PCAARRD)

Ang batas na nagtatag ng pananaliksik at pagpapaunlad sa kalabaw ay unang pinag-usapan noong Agosto 12, 1988 sa naganap na pagpupulong ng PCRDC *technical advisory committee* na pinangunahan ng noo’y Agriculture Secretary na si Carlos Dominguez. Bunga nito, isang panukalang-batas ang inendorso para sa *sponsorship* ng Senado at House of Representatives.

Sa nasabing pagpupulong ay naroon ang PCARRD Executive Director Ramon Valmayor, CLSU President Dr. Eliseo Ruiz, CMU President Dr. Leonardo Chua, CSU President Manuel Corpuz, at UPLB Chancellor

Raul de Guzman.

Hiniling ng PCARRD na ang magbanghay ng panukalang-batas ay sina Dr. Libertado Cruz (CLSU), Dr. Vicente Momongan (UPLB), Dr. Patricio Faylon (PCARRD), at Dr. Surendra Ranjhan (FAO-PCRDC). Matapos ang kulang na isang buwan, ang panukalang-batas na "An Act to Promote and Improve the Philippine Carabao" ay nabuo. Ito'y iminungkahing iharap sa Senado ng noo'y mga senador na sina Joseph Ejercito Estrada at Agapito Aquino.

Gayunman, noong Nobyembre, 1988, sa naging pagpupulong ng PCARRD Governing Council, isinulong naman ang panukalang-batas na "An Act to Establish the Network of the Philippine Carabao Research and Development Center". Si Dr. Valmayor ang nag-endorso ng panukalang-batas kay Speaker of the House Ramon Mitra Jr., Senador Estrada at Aquino, Rep. Joaquin Chipeco Jr. at ibang mga congressman para sa sponsorship sa kani-kanilang mga kapulungan.

Si Sen. Estrada ang nagpakita ng sigasig na maipasa ang nasabing panukalang-batas dahil nakita niya ito bilang daan para makaalwan sa buhay ang mga maliliit na magsasaka. Sumulat siya kay Dr. Valmayor para magbigay ng mga impormasyon

tungkol sa mga naunang pananaliksik, estatistiko ng populasyon ng kalabaw sa nakaraang sampung taon, panrehiyong distribusyon ng mga kalabaw at iba pang mga mahahalagang impormasyon.

Ang nirebisang banghay ng panukalang-batas ay isinagawa matapos ang sunud-sunod na pagpupulong sa pagitan ng mga kawani ni Estrada at ng PCARRD, nagresulta ito sa pagpapakilala sa Senado bilang Senate Bill No. 984, na kalaunan ay naging SB 1165, na pinamagatang "An Act Creating the Philippine Carabao Center to Propagate and Promote the Philippine Carabao Providing Funds Therefore and for Other Purposes". Ang naging pangunahing sponsor ay si Sen. Estrada kasama sina Sen. Orlando Mercado at Sen. Aquino.

Ang Senate Bill ay naaprubahan noong Setyembre 18, 1989 na lumikha sa Philippine Carabao Center sa ilalim ng direktang control at pangangasiwa ng Unibersidad ng Pilipinas sa Los Baños."

Sa kabilang banda, sa kongreso, ipinanukala ng noo'y kinatawan Simeon Garcia Jr. ng ikalawang distrito ng Nueva Ecija na ipailalim ng Department of Agriculture na ang host institution ay Central Luzon State University. Si Rep. Leonardo Guerrero ang nagpanukala na gawin

ang PCC bilang isang *attached agency* ng Kagawaran ng Agrikultura.

Noong Enero 1992, sa isang pagpupulong ng *bicameral committee* isinaayos ang nagkakahidwang mga probisyon ng SB 1165, HB 208674, HB 35045 at HB 31170.

Sa wakas, sinabi ni Sen. Aquino na "ating pagsang-ayunan na ang PCC ay mailagay sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura at ito'y gawing hiwalay na

mga magsasaka lalo na ang mga benepisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), na mapakinabangan ang kalidad ng lahi ng kalabaw sa makatuwirang halaga;


- magsagawa ng paglilipat ng teknolohiya sa pag-aalaga at produksiyon ng kalabaw at sa pagproseso ng kanilang karne at gatas;
- hikayatin ang *dairy development* sa mga kanayunan;

**Noong Marso 27, 1992,
nilagdaan nina Presidente
Corazon Aquino, House Speaker
Ramon Mitra at Senate President
Neptali Gonzales para maging
batas ang Republic Act 7307 na
pinamagatang "An Act Creating the
Philippine Carabao Center
to Propagate and Promote the
Philippine Carabao and for
other Purposes" o ang "Philippine
Carabao Act of 1992".**

Si dating senador Joseph Estrada na isa sa mga nagsulong sa pagkakatindig ng Philippine Carabao Center, ang pangunahing isponsor sa pagkakapasa ng RA 7307 o "Philippine Carabao Act of 1992".



Si Dr. Libertado Cruz na noo'y isang propesor sa Central Luzon State University ay isa sa apat na bumalangkas ng panukalang batas na nagbigay daan sa pagkakabuo ng Philippine Carabao Center.



**Isa sa mandato ng PCC
ay ang pagyamanin,
paramihin at
palaganapin ang
kalabaw bilang
mapagkukunan ng lakas-
hayop, karne at
gatas.**

ahensiya na magbibigay diin at halaga sa pagpaparami ng mga kalabaw". Lima pang mahahalagang puntos ang napagsang-ayunan sa naganap na pagpupulong na nagresulta sa pagkakahulma ng panukalang-batas na sa huli ay naging ganap na batas.

Noong Marso 27, 1992, nilagdaan nina Presidente Corazon Aquino, House Speaker Ramon Mitra at Senate President Neptali Gonzales para maging batas ang Republic Act 7307 na pinamagatang "An Act Creating the Philippine Carabao Center to Propagate and Promote the Philippine Carabao and for other Purposes" na kilala rin sa tawag na "Philippine Carabao Act of 1992".

Iniaatas ng batas na ito na:

- pagyamanin, paramihin at palaganapin ang kalabaw bilang mapagkukunan ng lakas-hayop, karne at katad;
- bigyang kapangyarihan ang

- magsagawa ng pananaliksik sa pagpapaunlad ng kalabaw, at
- palaguin ang taunang pagpaparami ng populasyon ng kalabaw.

Hindi nagtagal, nang maaprubahan ang pondo at mga isasakatuparang alituntunin ng PCC na inihanda nina Dr. Faylon, Dr. Momoñgan, Dr. Alcasid ng Bureau of Animal Industry (BAI), at Dr. Cruz, nagsimulang magpatuloy at magpursige ang PCC sa mga tungkulin at responsibilidad nito.

Matapos ang lahat ng pagpupursige ng mga mararangal na personalidad na sangkot sa makabuluhang layuning ito, nagbunga ang lahat ng pagsisikap nila na makamit ang tagumpay na kanilang inasam-asam.

(Ilan sa mga mahahalagang impormasyong kasama sa artikulong ito ay mula sa materyales na ginamit sa pananaliksik ng yumaong mamamahayag na si Sozimo Ma. Pablico.)

Sila na tumulong itindig ang PCC

NI ANSELMO S. ROQUE
Salin sa Filipino ni Chrissalyn L.

Katulad ng Parthenon, ang Philippine Carabao Center (PCC) ay hindi naitayo ng isang araw lang. Mayroon itong munting pagsisimula, sa pagsilang, medyo mabagal na paglaki, biglang pagdami ng mga aktibidad sa pagpapaunlad, at ang nakasisiglang pagtatamo ng mga tagumpay.

Katulad ng Parthenon, ang pagsibol ng PCC ay sinuportahan ng mga taong may kanya-kanyang papel na ginampanan. Lalo noong pasimula pa lamang ito at tinatanaw-tanaw lamang ang pangyayari.

Ang Parthenon, katulad ng ating pagkakaalam ay ang isa sa pinakakilalang templo sa Acropolis ng Gresya. Ito ang larawan ng modernong sibilisasyon na nagbigay buhay sa pangkanluraning kaisipan ng kagandahan, siyensya, sining at iba pa.

Ang PCC, katulad ng ating pagkakaalam, ay siya ngayong tinatanaw na "Parthenon", lalo na ng mga magsasaka na nakikita ito bilang templo na nagbibigay ng liwanag sa kanilang mga kaisipan para sa hangarin na maitaas ang ekonomiya, mas magandang pamumuhay sa araw-araw at ang pagkakamit ng bawat miyembro ng pamilya ng kani-kanilang pangarap.

Siguradong maraming tao ang tumulong na itindig ang PCC.

Kung paanong ang PCC ay naging kung-ano-man-ito-ngayon, at nabigyang-buhay, ay isiniwala't ng mga piling tao na kinapanayam ng babasahing ito.

Pagtatalaga ng key man

"Noong si (Roberto) Sebastian ay itinalaga sa katungkulan ni Presidente (Fidel) Ramos bilang sekretaryo ng agrikultura, tinawagan niya ako at tinanong kung pwede ko siyang tulungan na patakbuhan ang mga gawain sa paghahayupan bilang *assistant secretary*. Sinabi niya sa akin na pwede kong gawin ang kahit ano man na gusto kong gawin dahil katulad nga ng sabi niya, wala talaga siyang ideya tungkol sa paghahayupan," paggunita ni dating *agriculture* Assistant Secretary Lino Nazareno.

Yan ay noong Abril 1991, at sinabi niyang "pagod na ako sa pagtrabaho sa gobyerno." Pero pagkalipas ng limang buwan, matapos na maya't maya siyang tawagan ng kalihim at pagsumamuhan ng asawa na nagsasabi sa kanya na si "Bobot"

(Sebastian) ay parang anak sa kanila, naglubag na ang kanyang loob.

"Siya ay aking *junior* sa Philippine Packaging Corporation," sabi ni ASEC Nazareno.

Pagkalipas pa ng ilang buwan, siya at ang kalihim ay nagpasya na itayo ang PCC na ayon sa kanya ay "parang walang kwentang opisina kahit na nga may batas na nag-aatas na itayo ito."

"Tumawag kami para sa sa posisyon ng *executive director* ng PCC," sabi niya. "Kumapanayam ako ng apat na para namang hindi interesado o hindi pumasa sa aking pamantayan. Tapos may nagsabi sa aking subukin ko si Dr. (Libertado) Cruz ng CLSU. Hindi ko siya kilala pero sobrang nasiyahan ako noong makausap ko siya. Sobra siyang mahinahon at napakamaalam niya sa agrikultura lalo na sa *animal husbandry*," sabi ng dating *agriculture assistant secretary*.

"Sabi ko sa kanya ay siya na ang tamang tao na gusto ko para sa trabaho. Nagpasalamat siya sa akin pero hiniling niya na bigyan ko siya ng tatlong araw para pag-isipan iyon," pagkukuwento pa niya.

"Pagkalipas ng tatlong araw, bumalik siya at sinabing 'Sige na, ho'. Tatanggapin ko na ho 'yong alok niyo,'" sabi niya.

Itinalaga sa tungkulin si Dr. Cruz ni Pres. Ramos bilang *executive director* ng PCC noong Abril 1, 1993.

"Ako at ang asawa ko ay ikinokonsidera namin siya bilang anak. Masasabi kong marami na siyang nagawa gamit ang kanyang angking galing bilang isang tao at bilang isang executive. Magpakita ka sa akin ng isang ahensiya na maikukumpara sa PCC ngayon sa narating gayong nagsimula sa halos wala. Wala akong maiisip na makapapantay," saad ni Mr. Nazareno.

Isinawalat ng dating *assistant*

secretary na wala siyang malakas at positibong pananaw sa PCC noong ito ay nagsisimula pa lang. Sinabi din niya na inisip din niya noon na ito ay magiging isa na naman na ahensiya ng gobyerno na siguradong hindi magiging matagumpay o mamamatay rin. Una, walang pera para sa operasyon nito at nabibigyan lang ito ng kaunting pinansyal na tulong sa pangangailangan nito. Wala rin itong konkretong *accomplishment* na mai-presenta noon, dagdag niya.

"Pero alam mo, namangha kami nung nakita namin yung *development* sa PCC. Mayroon nang *contact* si Dr. Cruz *internationally* na tumulong sa kanya para sa operasyon ng PCC at mayroon na rin siyang kakayahan na matugunan ang pangangailangan ng ahensiya... katulad ng makakuha ng lugar para sa PCC headquarters sa CLSU compound na talaga namang nakamangha sa akin kung paano niya

nagawa 'yon... at 'yong malalaking mga pondo at iba pa," sabi niya.


Sa kanyang sariling pananaw, sinabi ni Mr. Nazareno na ang pinakamagandang pamana na iniwan niya sa pagseserbisyo niya sa gobyerno, partikular na sa departamento ng agrikultura, ay si Dr. Cruz.

Sinabi rin niya at binigyang-diin na dapat itong laging isaisip ng mga nagtrabaho sa agrikultura, na "huwag ipagwalang-bahala ang kaalaman ng mga magsasaka bagkus ay matuto sa kanila dahil maaari rin silang makapagbigay ng magagandang payo."

"Ito ang pinakaimportanteng natutunan ko sa aplikasyon ng agrikultura," sabi niya.

Dekalidad na lugar para sa PCC

Ang opisina ng PCC noong ito ay nagsisimula pa lamang ay isa lamang espasyo sa gusali ng Departamento



Itinilaga ni noo'y Presidente Fidel V. Ramos (pangatlo mula sa kaliwa) si Dr. Libertado C. Cruz (kaliwa) bilang unang *executive director* ng Philippine Carabao Center. Nanungkulan si Dr. Cruz bilang PCC *executive director* sa loob ng mahigit dalawang dekada. Kasama sa litrato sina Dr. Fortunato Battad (pangalawa mula sa kaliwa) at dating Gobernador Tomas Joson III ng Nueva Ecija (pang-apat mula kaliwa.)

Marcelo



ng Agrikultura (DA) sa Quezon City. Pagkaraan niyon, nalipat ito sa ikalawang palapag ng Philippine Animal Health Center ng Bureau of Animal Industry (BAI) sa lugar na sakop pa rin ng DA.

Naitalaga rin agad ang *deputy executive director* ng PCC. Para naman sa mga unang kawani, humiram ang PCC ng mga tao sa CLSU at BAI, at sa pangangailangang tulad ng sasakyan, kagamitan at kadalubhasaan, bukas-palad namang ipinagkaloob ito ng PCARRD.

Pagkatapos nito ay inaprubahan ng Department of Budget and Management (DBM) ang *staffing pattern* ng PCC at nagbigay ito ng *plantilla positions* para sa opisina ng office of the executive director at sa 13 na *regional centers*.

Noong Disyembre 1993 o pitong buwan pagkatapos na magsimula ng operasyon ang PCC, inihanda ng mga opisyal at kawani ng PCC ang "Medium-Term Carabao Development Plan, 1993-1998". Ang planong ito ay naaprubahan ng *advisory board* at naipresenta sa kongreso para sa *approval*.

Nagkaroon ito ng balitaktakan sa pagtalakay sa *budget* pero naipagtanggol itong mabuti ni Dr. Cruz at hindi lang niya nakumbinsi ang isa sa mga kongresista na nagpapakita ng pag-aalinlangan sa pagbibigay ng malaking pondo para

sa pagtataguyod at pagpapaangat sa lahi ng katutubong kalabaw, kundi tumulong pa ito hindi lang para maaprubahan ang *budget* kundi madoble pa ito.

Ang planong pondo na isinumite para sa *approval* ay Php 3.4 bilyon.

Iyon na ang naging daan para humanap na ng permanenteng *headquarters* na mapagtatayuan ang PCC.

"Nilapitan ako ni Dr. Cruz at hiniling na suportahan ko siya

para sa pagtatayo ng PCC sa CLSU compound. Ang hiniling niya noon ay isang malaking espasyo para sa itatayong mga gusali at bakuran ng PCC," ani Dr. Fortunato Battad, dating presidente ng CLSU.

Sinabi ni Dr. Battad na nakita niya agad ang kahalagahan ng hinihiling ni Dr. Cruz sa kanya.

"Gumawa ako ng desisyon. Sinabi ko kay Dr. Cruz na binibigyan ko siya ng 40 ektaryang lupa para maging tahanan ng PCC," sabi ng dating presidente.

Pero itong desisyon na ito ay tinutulan ng ilan sa may matataas na katungkulan sa CLSU. Iginiiit nila na ito ay isa sa malalaking parte ng CLSU na ginagamit sa produksyon ng bigas at ang pagbibigay nito sa PCC ay isang malaking kawalan sa CLSU sapagka't pinag-aanihan ito ng malaki.

"Pinangatwiran ko naman na ang aming unibersidad ay mawawalan nga

ng malaking ani ng palay pero milyon namang mga magsasaka na mapagseserbisuhan ng PCC ang makikinabang rito," sabi ni Dr. Battad.

Noong 1994, ibinigay ni Dr. Battad sa PCC ang 40 ektaryang lupa sa ilalim ng usufruct basis. Bilang karagdagan, ang rancho ng unibersidad sa Barangay Joson sa Carranglan, Nueva Ecija ay ibinigay na rin sa PCC sa ilalim pa rin usufruct basis.

"Tingnan mo ang PCC *headquarters* ngayon. Hindi ba ito nakamamangha at nakatutulong sa napakaraming mga magsasaka?, tanong ni Dr. Battad. "Hindi ako nagkamali sa aking desisyon..." dagdag niya.

Sinabi rin ni Dr. Battad na sa loob ng maraming taon ay pinayagan niya na ang sweldo ni Dr. Cruz ay sa CLSU manggaling at pinayagan din niya na patuloy itong manirahan sa bahay kung saan ito nakatira bilang Professor kasama ng kanyang pamilya. Ipinahiram din niya, anyang *budget officer* at tatlo pang kawani ng unibersidad habang ang PCC ay nagsisimula pa lamang ng operasyon sa Quezon City.

Haligi sa Pag-unlad

Noong panahon na iyon na nagsisimula pa lamang ang R&D sa bansa, ang direktor ng Livestock Research Division ng PCAARRD na si Dr. Patricio Faylon kasama si Dr. Vicente Momoñgan ng UPLB, ay tumulong sa pagtataguyod ng Philippine Carabao Research and Development Center (PCRDC) na siyang naging binhi ng PCC.

"Tumulong ako sa pagbuo ng PCRDC," ani Dr. Faylon. "Nagkaroon ito ng magandang resulta kaya tumulong rin kami sa pagpapanukala para sa *carabao development* sa bansa," dagdag pa niya.

Naalala ni Dr. Faylon na isa siya sa natawagan noon na gumawa ng balangkas ng batas na kalaunan ay siya na ngang naging Philippine Carabao Act of 1992. Ito'y ayon na rin sa rekomendasyon na ginawa ng PCRDC *technical committee*.

Kabilang sa mga tumulong para sa pagbabalangkas ng batas ay sina Dr. Cruz (CLSU), Dr. Momoñgan (UPLB), at Dr. Surendra Ranjhan (FAO-PCRDC).

"Patuloy naming sinusuportahan ang PCC," sabi ni Dr. Faylon na kasalukuyang executive director ng PCAARRD. "Binubuo namin ngayon ang Buffalo Dairying ISP (Industry Strategic Program) na tumutukoy sa papel ng kalabaw pagdating sa produksyon ng pagkain at pagkakaroon ng hanapbuhay."

"Naniniwala kami sa PCC at gusto naming batiin ito para sa pangunguna sa amin sa programa ng pagkakalabaw," sabi ni Dr. Faylon.

Naalala naman ni Dr. Momoñgan na nagsimula sila mula sa 20 babaing kalabaw at sa dalawang bulugan para sa *carabao development program* sa UPLB. Pagkatapos ay iminungkahi ni Dr. Joseph Madamba na gumawa ng panukala para palakasin pa ang pananaliksik at progreso sa pagkakalabaw. Nang ibinigay naman ang panukala kay Dr. Alfonso Eusebio ng PCARD (na

ngayon ay PCAARRD), iminungkahi niya na isama ang CLSU sa programa.

"Nang maaprubahan ang panukala, na pinondohan ng UNDP, ang pamamahala sa ranch-type ay iniatang sa UPLB at ang backyard farming naman ay sa CLSU," ani Dr. Mamongan. "Pinamahalaan ko ang programa sa UPLB para magkaroon ako ng mas malapit na koordinasyon sa kung sino man ang namamahala sa programa sa CLSU," dugtong niya.

Nang tinatalakay ang panukalang batas, ani Dr. Momoñgan, siya, kasama ng iba pang taga-suporta sa batas, ay nasa likod ni Sen. Estrada para magbigay kasagutan sa mahihirap na tanong kung bakit kailangang bigyang atensyon ang kalabaw na "simbolo ng kahinaan", bakit kailangan magtayo ng maraming PCC *centers*, ano ang pakikinabangan ng tao sa isinusulong na batas, at iba pa.

"Tumulong akong ipaliwanag na ang mga nasa Timog-Silangang bahaging mga bansa ay tinitingnan ang kalabaw pagdating sa produksyon at kaunlaran na kaya nitong maibigay. Ipaliwanag rin namin na ang kalabaw ay napakainam na paraan para ang dayami ay magamit sa produksyon ng gatas kapag ipinakain ito sa halip na sunugin lamang sa bukid," ani Dr. Mamongan.

Sinabi niya na siya ay ang unang tinukoy para maging *executive director* ng PCC ngunit siya'y tumanggi at sa halip ay inindorso niya ang isang mula sa CLSU (na si Dr. Cruz nga).

"Nakita ko na ang PCC ay talaga namang maayos ang ginagawa... patuloy itong nagiging maayos at ang kailangan lamang ay isang magaling na tagamaneho," sabi ni Dr. Mamongan.


Ang isa pa sa mga haligi ng PCC na nasa mataas na katungkulan noon sa DA ang gumawa ng di matatawarang suporta sa PCC.

"Noong 1998 ako naitalaga sa DA at kalaunan ay pinahawakan sa akin ang *livestock sector*," sabi ni dating *undersecretary* na si Cesar Drilon. "Nagpapasimula noon ang diskusyon sa tulong ng JICA. Naging daan ito ng pakikipagtulungan na talaga namang nagkaroon ng malaking *impact* sa industriya ng paghahayupan," dagdag niya.

Ang mga pasilidad ng PCC ay wala pa noon, paggugunita ni Usec. Drilon. Pagkatapos ay tumulong siya para mabuksan ang iba pang mga *centers* ng PCC sa Bohol, Bukidnon at sa Iloilo. Malaki rin ang naging tulong niya sa pagpaparating sa bansa ng mga *embryos* na binuo sa India at ginamit naman sa mga *surrogate mother carabao* sa PCC Gene Pool at sa mga kalabaw na ari ng mga magsasaka.

"Gumawa din ako ng ilang *promotions* para sa produksyon ng gatas ng kalabaw at sa pag-inom ng gatas sa Iloilo. Hindi sila naniniwala noon sa akin na kaya naming makapag-prodyus ng gatas sa Iloilo at sa makakaya rin na ma-*develop* ang kultura sa pag-inom ng gatas," sabi ni Usec Drilon.

Naalala ni Usec Drilon na sila ni Dr. Cruz ay nakakita ng isla sa Palawan noon kung saan nila naisip na gawing *quarantine area* para sa mga kalabaw na bibilhin sa India at kalaunan ay siyang ibibigay nga sa mga magsasaka. Sinabi niya na nagawa



Hinikayat ni dating Gobernador Tomas Joson III (gitna) ng Nueva Ecija ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan ng lalawigan upang suportahan ang Carabao Development Program (CDP) ng Philippine Carabao Center. Ngayon, ang Nueva Ecija ang National Impact Zone para sa CDP. Nasa kanan si Dr. Libertado Cruz at sa kaliwa si Dr. Rodolfo Undan, dating presidente ng CLSU.



Malugod na sinasalubong ni Dr. Libertado Cruz si Senadora Leticia Ramos-Shahani (kaliwa). Si Sen. Shahani ang nagsulong ng pagpopondo mula sa Countryside Development Fund para sa pagtatayo ng *dairy cooperative* sa Pangasinan. Ang kooperatiba sa Pangasinan ang naging unang modelo sa 25-*dairy buffalo cow module* na programa ng Philippine Carabao Center.



Ang Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative ang isa sa maraming mga progresibong *dairy cooperatives* na natulungan at patuloy na sinusupportahan ng Philippine Carabao Center sa pamamagitan ng programang gatasang kalabaw nito.

niyang makumbinsi noon si Senador Magsaysay na pinuno ng komite sa agrikultura para sa pagbibigay ng Php 5 milyon na pondo roon.

“Ang pinanghihinayangan ko lang ay wala kahit isa sa DA na nagtulak sa planong ito noong umalis na ako kaya namatay nang kusa ang proyekto,” sabi niya.

Sinabi rin niya na itinulak rin niya ang plano para sa Carabao Island (isang isla na munisipalidad ng San Jose, Romblon) na maging sanktwaryo ng mga katutubong kalabaw para ang “katutubong lahi ng ating mga kalabaw ay hindi mawala.”

Institunalisasyon ng mga kooperatiba

“Ang istorya ni Dr. Venghese Kurien tungkol sa ‘white revolution’ ang nagbigay sa akin ng inspirasyon na pumasok sa paggagatasan. Naisip ko noon na ang paggagatasan ay malaking tulong para sa mga magsasaka sa Pangasinan na talaga namang walang natitirang pera pagkatapos ng anihan,” sabi ni dating Sen. Leticia Ramos-Shahani.

Maaalala na si Dr. Kurien ang ama ng “white revolution sa India”. Umalis siya sa trabahong nagbibigay sa kanya ng malaking sweldo at tinulungan na lamang ang mga magsasaka sa pagproproseso at pagbebenta ng mga naaani nilang gatas. Siya ang tagapangulong nagtatag ng “Gujarat Cooperative Milk Marketing Federation” na ngayon ay isa sa pinakamalaking nagpro-prodyus ng may pinakamagandang brand ng gatas sa India at sa buong mundo.

Sinabi ng dating senadora na ang pagpapakilala ng paggagatasan sa Pangasinan ay hindi madali kung ikukumpara sa India.

“Ang gatas sa India ay parang bagoong lang sa atin. Inilalagay nila ito sa mga gulay, karne, manok at iniinom nila ito na parang tubig,” sabi niya.

Sinabi niya na pinuntahan niya ang kapwa mga senador para pondohan ang CDF (Countryside Development Fund) para sa pagtatayo ng *dairy cooperative* sa Pangasinan. Sa tulong nila, naitayo ang “Tulong Dairy Cooperative” sa Urdaneta, Pangasinan

na unang nagmodelo sa 25-*dairy buffalo cow module* ng PCC.

Sa nasabing modyul, ang mga kalabaw ay ibinibigay bilang pahiram sa mga kwalipikadong magsasaka-katiwala na mag-aalaga sa hayop, makapagsasaayos ng mga production records ng kalabaw, maibibigay ang mga kinakailangan at hinihingi sa kontratang pinirmahan, at mababayaran ang nahiram na hayop sa pamamagitan ng gatas at unang bulo, at patuloy na pagsasagawa ng negosyo sa paggagatasan na gamit ang mga naaprubahang mga praktis at teknolohiya ng PCC.

Ang mga natutunan at naging pananaw sa naging karanasan sa Tulong ay nagsilbing gabay sa paglikha ng maraming mga modyul para sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw sa bansa.

“Ngayon na *retired* na ako sa pagtrabaho sa gobyerno, sinisikap ko na maipagpatuloy ko ang *carabao dairying* at ang pagproproseso at pagbebenta ng gatas. Mahirap ito pero sinabi ko sa sarili ko na talagang ganoon kapag nagsisimula ka pa lamang sa negosyo lalo na kung ang suplay ng iyong inaaning gatas ay depende sa maibibigay ng iyong mga alagang hayop,” sabi ng dating senadora.

“Pero sa tulong ng PCC, kami ay magiging matagumpay,” dugtong pa ni dating Sen. Shahani.

Sa Nueva Ecija naman ay matiyagang sinabi ni dating Gobernador Tomas Joson III na ang *carabao dairying* ay isa sa tatlong ‘white revolutions’. “Yong dalawang iba pa, ay bigas (na nagbibigay ng puting ani) at tilapia (na may kulay na parang bulak sa karne).”

Sinabi niya na alam niya na karaniwan ng nagiging problema ng mga magsasaka na wala silang

pinagkakakitaan habang hinihintay pa nilang anihin ang kanilang mga pananim.

“Nakita ko na ang pag-aalaga ng kalabaw ang kasagutan sa problemang ito. Alam ko na itong batas na isinulong ni Presidente Erap ay isang napakagandang batas para sa kapakinabangan ng mga magsasaka, pero kung walang magsasakatuparan nito, wala itong magiging silbi,” sabi ng dating gobernador.

Pagkatapos ay minabuti nyang kumbinsihin ang mga opisyal ng lokal na pamahalaan para magbigay ng suporta sa Carabao Development Program (CDP) lalo na sa hangarin nito na maging National Impact Zone ang Nueva Ecija sa paggagatasan.

“Ako at ang aking kapatid na si Rep. Edno at ang hipag kong si Rep. Josie (Josefina Manuel-Joson) ay tumulong para buuin ang NEFEDCCO (Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives) lalo na sa pagtatayo ng gusali nito at pagkakaroon ng mga kagamitan para sa pagproproseso ng gatas,” sabi ni Joson.

Tumulong rin siya para itaguyod ang *milk feeding program* nang sa gayon ay lumakas ang kita sa gatas at matugunan na rin ang problema ng malnutrisyon sa mga bata sa probinsiya ng Nueva Ecija. Ang mga *milk feeding programs* ay isinagawa sa mga eskwelahan na sakop ng probinsiya gamit ang pondo na bigay ng lokal na pamahalaan at ng iba pang mga ahensiya.

Isinawalat rin niya ang mga hakbang para makumbinse ang pribadong sektor, katulad ng San Miguel Corporation, para tumulong sa programa. Sinabi niya na noon ay nag-iisip siya na magdala pa ng mas maraming kalabaw para sa mas maraming gatas na maidadala sa siguradong mapagbebentahan nito

na palagiang maghihintay para sa tuluy-tuloy na gatas ng mga Novo Ecijanong magsasaka. Pero dahil sa ilang problema, ang inasahang tambalan ng pribado at pampublikong sektor sa pagdadala ng programa ay hindi naisagawa.

Sinabi ng dating gobernador na ito ay kailangan ngayon para sa CDP para mapanatili ang kanilang partisipasyon sa patuloy na pag-unlad ng programang ito.

“Alam ninyo naman na mayroon talagang ulik-ulik muna sa anumang proyekto. Tulad nila’y mga disipolo na gusto munang makita na nasugatan si Hesukristo bago sila maniwala sa muli niyang pagkabuhay. Pero kailangan nilang maniwala sa programa... kailangan nilang suportahan ito dahil para naman ito sa kanila,” sabi ng dating gobernador.

Sinabi niya na ang maruming pulitika ay hindi dapat makigulo sa pangkabuhayang gawaing ito ng mga magsasaka. Kailangan, anya na nakahiwalay ito at ang kailangan lang gawin ng gobyerno ay magbigay ng tamang regulasyon at superbisyon at kung kinakailangan ay kaunting suportang pangpinansyal. Sa mga nabebenipisyuhang mga magsasaka, kailangan nilang tingnan ang kanilang partisipasyon sa programa hindi lamang sa kasalukuyan kundi pati na rin sa mga panahon na darating pa.

Sa wakas, sinabi ng gobernador:

“Medyo nalulungkot ako na 20 taon na ang nakaraan sa buhay ng PCC...at ngayon ay may katandaan na kami. Pero masaya ako na marami na sa ating mga magsasaka ang nagtagumpay at maganda na ang ginagawa sa *carabao dairying*. Kaya na nilang panatilihin ang mga naabot na nila ngayon sa sarili nilang pagsisikap.”



Inihahanda ng mga magsasakang kalahok sa *farmer field school* ang lugar na tatamnan ng mais bilang *experimental plot*. Bilang bahagi ng proyekto, ang mga mais na itatanim ay hahatiin ayon sa dami at uri ng pataba na ilalagay upang mapag-aralan kung ano ang mas epektibo sa pagpapatubo ng mais.

Farmer field school... (MULA SA P. 1)

buburuhin ay mais o iba pang kauri nito. Kailangan sa gawaing ito ang *ensiling bags* o silo *plastic bags* o maaari rin namang gumawa ng *bunker silo* na kung saan ang mga napiling buburuhin ay hahati-hatiin at iimbakin doon. Kailangang hindi ito nahahanginan upang hindi mabulok.

Mainam ang pagpapakain ng *silage* sa tag-araw sapagka't sa panahong ito ay walang gaanong sariwang damo na makakain ang kalabaw. Dahil dito, ang pagbuburo ng mga sobrang damo at iba pang pakain sa kalabaw sa tag-ulan ang siyang naisipang gawing proyekto sa Lupao upang maiwasan ang kakulangan sa mga pagkain ng kalabaw sa panahon naman ng tag-araw.

Sa Lupao naisipang isagawa ang nasabing proyekto dahil kilala ang bayang ito bilang *corn producer*. Matagal nang nagtatanim ng mais ang mga magsasaka dito kaya't sila ang napili ng PCC at ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development-Department of Science and Technology (PCAARRD-DOST) na maging katuwang sa proyektong ito.

Bago nagsimula ang unang *cycle*, nagkaroon ng ilang *training* ang mga kalahok na magsasaka sapagka't bihasa nga sila sa produksiyon ng

pangunahing kailangan sa proyekto.

Sa isangektarya, ang inaasahang ani na katawan kasama ang bunga ng tanim na mais ay umaabot sa 30-60 tonelada.

Sa pagsasagawa ng proyekto, hindi naabot ng ilang magsasaka ang kanilang *target* na sa 12 ektaryang tinamnan ay makapagbuburo sila ng mahigit sa 300 tonelada. Ayon sa kanila, nangyari ito dahil sa naranasan nilang malakas na pag-ulan nang panahong nakatanim na ang mga mais.

Dahil dito, naisipan ni Dr. Eric Palacpac, lider ng proyekto, na isagawa ang Farmer Field School (FFS) na kung saan tuturuan ang mga magtatanim ng mais ng sistematikong pamamaraan at magkakaroon din ng *demonstration areas*. Ang FFS ay pinangungunahan ng ilang mga *technicians* at *expert* sa pagtatanim ng mais at sa pag-sa-*silage*.

Ito ay isang impormal na pamamaraan na pagbabahagi ng ideya sa mga magsasaka sa isang impormal na lugar, tulad ng bukid.

Ang programa ay mayroong siyam na *sessions* o pagpupulong na hanggang sa ngayon ay isinasagawa pa kasama na ang paglalagay ng *demonstration areas*. Sa mga *sessions* na ito, makikita ang progreso ng bawat magsasaka bago at pagkatapos nilang magtanim

habang sila'y nagkakaroon pa rin ng *monitoring* habang pinapalaki ang mga mais.

Layunin ng FFS na mapalaki ang ani ng mga magsasaka upang sa susunod na *cycle* ay maabot na nila ang kanilang *target* na 30-60 tonelada kada isang ektarya na ani.

Sa naunang *cycle*, PCC ang bumili ng binurong mais para ipakain sa mga alagang kalabaw nito. Mayroon na ring ilang kausap na pribadong grupo ang PCC na bibili ng mga susunod pang mabuburong mais.

Sa ngayon, pina-iigting pa ang proyekto dahil nakikitang may magandang mangyayari sa gawaing ito sa hinaharap.

Sa aspetong teknikal at pinansyal na pagtataguyod ng proyekto, ang PCC, kasama ang PCAARRD-DOST at ang *local government unit* ng Lupao, ang siyang tumutugon sa pagsasabalikat.

Inaasahang magiging isang malaking gawaing mapagkakakitaan sa Lupao ang bunga ng pagsisikap ngayong isinasagawa.

Hinihikayat din ang mga magsasakang may-ari ng gatasang kalabaw sa Lupao na pumalaot din sa paggawa ng *silage*.

Anang mga eskperto, malaki ang maitutulong ng *silage* sa lalo pang maraming gatas na maibibigay ng kanilang alagang kalabaw.

Grupong teknikal binuo... (MULA SA P. 1)

maitatag ang programa, kailangang pumayag ang mga kasaping bansa na maging bahagi ng International Committee for Animal Recording (ICAR), isang komite na namamahala sa talaan ng mga hayop at sa pagtataasa ng pagiging produktibo ng mga ito. Isang bahagi nito ang Interbull.

Mula rito, dagdag ni Dr. Cruz, makakukuha na ng tamang datos ang grupo na kanilang ibibigay sa ICAR para sa pagtataasa.

Ang pagtutulungang ito ay bahagi ng pagsisikap ng PCC na mapaganda ang lahi ng mga gatasang kalabaw. Sa

pamamagitan ng programang ito, mapadadali ang pagpili sa mga hayop na may magandang katangian mula sa milyun-milyong kalabaw na magagamit sa pagpapalahi ng mas marami pang magandang kalabaw.

Sa huli, matutulungan ng programa ang mga magsasakang maggagatas na magkaroon ng karagdagang trabaho at kita.

Bukod sa Pilipinas, ang iba pang mga bansa na nagkaroon ng kinatawan sa pagtitipon ay India, Pakistan, Brazil, Italy, China, at Australia. Isang miyembro ng ICAR ang dumalo rin at nagsilbing isang kasangguni sa pagpupulong.

7th Gatas ng Kalabaw... (MULA SA P. 3)

Nagkaroon din ng kongreso ng mga *dairy cooperatives* na isinalig sa temang "Gatas ng Kalabaw, para sa Magandang Kalusugan at Kabuhayan" kung saan nagkaroon ng palaro para sa mga magsasakang dumalo. Namigay din ng papremyo ang LGU ng Gen. Natividad sa pangunguna ni Mayor Areli Grace Santos at ang DTI.

Ang pagtitipon ay dinaluhan ng mga opisyal mula sa mga pampublikong ahensiya, LGU, at mga maggagatas na kooperatiba mula sa bayan ng Gen. Natividad, Llanera, Lunsod ng San Jose, Science City of Muñoz, at Talavera.

Dahil sa magandang kinalabasan ng pasinaya, sumang-ayon si Mayor Santos na ganaping muli ang "8th Gatas ng kalabaw Festival" sa bayang ito kaalinsabay ng kanilang "57th Founding Anniversary" sa Hunyo ng susunod na taon.

"Katulong ng iba't ibang ahensiya na nagtataguyod ng "Gatas ng Kalabaw Festival", aming paghahandaan at lalong pasasayahin ang susunod na pagdiriwang," masayang pahayag ni Mayor Santos.

Mga makabagong pasilidad... (MULA SA P. 1)

pagpoproseso ng semilya mula sa walo naming superyor na lahi ng bulugan. Sa pamamagitan ng Kagawaran ng Pagsasaka, nagawa namin itong palakihin. Ngayon, kaya na naming mangulekta ng semilya mula sa 30 bulugan. Ang isang superyor na lahi ng bulugan ay kayang magbigay ng 4,000 hanggang 5,000 doses ng semilya sa loob ng isang taon," dagdag niya.

Ayon kay Chancellor Cruz, higit na makatutulong ang naitayong istraktura sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng nakararaming Pilipino gayundin ang paggarantiya nito ng patuloy na pagdami ng gatasang kalabaw sa bansa.

"Ang pasilidad na ito ay hindi lamang isang paraan upang paigtingin ng PCC ang kanyang mandato. Ito'y magiging daan din upang mapaangat pa namin ang kakayahan ng aming mga mag-aaral sa larangan ng pananaliksik," ani Chancellor Cruz.

Idinagdag niya na ang pasilidad ay "isang magandang panimula para sa amin."

"May kakayahan ang mga pasilidad na ito upang mapag-aralan at makapagproseso ng higit pang bilang ng mga makukulektang semilya na siyang daan upang maiangat lalo ang kalidad ng kalabaw sa ating bansa," anyang pa.

Sa kabilang dako naman, kinilala ni Dr. Cruz ang maigting na suporta ng UPLB at ang matibay nitong pakikipagsamahan sa PCC. Ang UPLB ang naglaan ng lugar na pagtatayuan ng nasabing pasilidad.

Aniya, ang bagong-tayong pasilidad ay siyang daan upang makapagbigay ng magandang lahi ng gatasang kalabaw at magkaroon pa ng higit na *dairy farmers* sa bansa.

Kinilala rin niya ang kahusayan ng PCC sa UPLB bilang isa sa magagaling na *regional centers* ng PCC, gayundin ang *center director* nito at mga manggagawa, na nagbibigay ningning sa kahusayan ng PCC sa pagtupad sa mandato nito.

Dagdag niya, higit pang palalakasin ng pasilidad ang mga serbisyong inilalaan ng gobyerno upang mas maiangat ang kakayahan at kabuhayan ng marami pang magsasakang Pilipino.

Kooperatiba sa Pangasinan... (MULA SA P. 2)

State University (PCC at DMMMSU) sa La Union; at Mayor Heidee G. Chua ng Asingan, ang pagbibigay ng mga kagamitan sa isang seremonya na ginanap sa Asingan, Pangasinan.

Mahigit 70 magsasaka mula sa iba't ibang kooperatiba ang dumalo sa programa kasama ang ibang opisyal ng DTI-Rehiyon I, opisyal mula sa local na gobyerno (LGUs) ng mga bayan ng Asingan, Sta. Maria, Umingan, at San Nicolas, Pangasinan, at ang ilang kawani ng PCC.

Tinanggap ni Modesto Gabriel, pangulo ng kooperatiba, ang mga donasyon sa ngalan ng BSNMPC.

Si Ranjit R. Shahani, miyembro ng sangguniang panglalawigan ng Pangasinan, ang kumatawan kay Pangasinan Gobernador Amadeo T. Espino, Jr. na siyang inanyayahan bilang pangunahing tagapagsalita.

Binanggit ni Shahani kung paano nakuha ang mga gamit sa pagpoproseso at ang mga tao na tumulong upang maging matagumpay ang proyekto. Hinikayat niya ang mga miyembro ng mga kooperatiba na siguruhin ang tamang pagmintina sa planta at sa mga pasilidad nito upang maging tuluy-tuloy ang operasyon nito.

Sa kabilang banda, hinikayat naman ni Dr. Annabelle S. Sarabia, hepe ng *operation* ng PCC, ang mga lokal na magsasakang-maggagatas upang abutin ang dami ng gatas na kailangan ng *processing plant* upang maging tuluy-tuloy ang operasyon nito.

Natapos ang seremonya sa paglilibot sa *processing plant* ng BSNMPC at sa pagtikim ng iba't ibang produktong gawa sa gatas ng kalabaw. Nagkaroon din ng pagbabahagi ng mga karanasan ang mga kinatawan ng kooperatibang dumalo sa programa.

Centers sa CSU, USM ginawaran ng ISO certification

NI MA. CECILIA C. IRANG

DALAWANG regional centers ng Philippine Carabao Center (PCC) ang muling matagumpay na nakapasa sa certification audit na isinagawa sa ilalim ng International Standard on Quality Management System (ISO 9001:2008).

“Ang PCC sa Cagayan State University (PCC sa CSU) sa Piat, Cagayan at ang PCC sa University of Southern Mindanao (PCC sa USM) sa Kabacan, North Cotabato ay mga sertipikado na sa

TÜV SÜD PSB Philippines, ang kauna-unahang certification body sa Asia na nagpakilala ng ISO 9001 bilang isang basehan para sa quality system certification. Ang katanyagan nito bilang

iiba depende sa bilis ng pamamalakad ng organisasyon. Nagawa ng PCC sa CSU ang preparasyon para sa sertipikasyon sa loob ng 28 buwan.

Ang mga aktibidades na isinasagawa nito ay nagsimula sa pagsasanay at workshop tungkol sa dokumentasyon ng Sistema sa Kalidad ng

tungkol sa dokumentasyon ng Sistema sa Kalidad ng Pangangasiwa ay naisagawa noong Agosto 2012. Katulad din ng mga gawain sa PCC sa CSU, ang isinagawa sa PCC sa USM at ang certification audit ay naisagawa sa loob ng 14 na buwan.

Ayon kay Diloy, ang certification audit ay

sa prosesong kinakailangan sa ikauunlad ng mga produkto nito at paghahatid ng mga serbisyo.

Binigyang-diin din ni Diloy na ang pagsasakatuparan ng nakasulat na mga pamamaraan sa audit process ay patunay sa tuluy-tuloy na pagrerekord at paggamit ng mga rekord na ito para itama ang anumang pagkakamali kung kinakailangan at nang hindi na maulit. Kasunod nito ang mga hakbanging pag-iwas sa mga problemang maaaring makahadlang sa maayos na operasyon ng organisasyon, dagdag pa niya.

Sinabi ni Diloy na ang tagal ng certification cycle ay umaabot ng hanggang tatlong taon. Dagdag pa niya, ang isang organisasyon ay kailangang dumaan sa first surveillance audit isang taon matapos ang sertipikasyon para masiyasat ang tuluy-tuloy na pagsasakatuparan ng naitatag na sistema.

Maaaring pigilin o bawiin, aniya, ang sertipikasyon kung malaki ang nakitang di-pagsunod sa mga alituntunin para sa ISO 9001 at kung hindi ginawan ng aksiyon na maiwasang maulit ang naging problema sa loob ng nasabing panahon.

Ang second surveillance audit ay isinasagawa pagkatapos ng isa pang taon, nangangahulugan ito na nakumpleto ang isang certification cycle.

Ayon sa mga patakaran, ang organisasyon ay mag-aaplay para sa panibago nitong certificate pagkatapos ng tatlong taon na kung saan isasagawa ang re-certification audit ng isang certifying body.



Ginawaran ng sertipikasyon ang dalawang regional centers ng Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (PCC sa USM) (itaas na larawan) at sa Cagayan State University (PCC sa CSU) (ibabang larawan) matapos nilang pumasa sa certification audit na isinagawa sa ilalim ng International Standard on Quality Management System (ISO 9001:2008).

ISO 9001:2008,” ani Minda Diloy, hepe ng Integrated Management Audit Section ng PCC.

Sa pagiging sertipikado ng dalawang regional centers, naging lima ang kabuuang bilang ng ISO 9001-certified na regional centers ng PCC. Nauna nang ginawaran ng sertipikasyon ang PCC sa Mariano Marcos State University (PCC sa MMSU), PCC sa University of the Philippines sa Los Baños (PCC sa UPLB), at PCC sa Ubay Stock Farm (PCC sa USF).

Ang pagtutuos at sertipikasyon ay isinagawa ng

pangunahing tagapagbigay ng mga teknikal na serbisyo ay laganap na sa buong mundo at patuloy nitong tinutulungan ang mga kliyente na mas mapag-igi pa ang kalidad, kaligtasan at kaganapan habang binibigyang katiyakan ang pangangalaga sa kalikasan at maiwasan ang anumang pinsala.

Isinagawa noong Agosto 5-6 ang certification audit para sa PCC sa CSU samantalang Oktubre 10-11 naman ang sa PCC sa USM.

Sinabi ni Diloy na ang preparasyon para sa sertipikasyon ay nag-

Pangangasiwa (Quality Management System) kasama ang lahat ng mga kawani ng center noong Abril 2011. Kinapalooban ang mga sumunod na preparasyon: pag-iipon ng mga kailangang dokumento; pagsusuri ng mga nasulat na dokumento, pagsasagawa ng internal audit at pag-iimbata ng certifying body para isagawa ang panimulang pagtatasa sa sistema nito sa unang yugto ng audit.

Sa kabilang banda, ang preparasyon ng PCC sa USM ay mas daglian. Ang pagsasanay at workshop

isinasagawa ng certifying body sa pamamagitan nang puspusang pagsusuri ng mga kailangang dokumento para sa Sistema sa Kalidad ng Pangangasiwa o ISO 9001:2008 tulad nang pamamahala sa mga dokumento, mga rekord, di-alinsunod na mga produkto at serbisyo, internal quality audit, at mga aksiyon na dapat gawin para maiwasang mangyari at maulit ang mga naging problema.

Ang pagkakaroon ng mga dokumentong ito, aniya, ay batay sa initial audit na nagsasaad nang kahandaan ng dalawang regional centers para

Alamin ang pinakamalapit na tanggapan ng PCC sa inyong lugar

LUZON

PCC sa Cagayan State University
Tuguegarao City, Cagayan
Tel. Blg.: (078) 844-6395
Sakop ng serbisyo: Region II at CAR (Ifugao, Kalinga, Apayao)

PCC sa Mariano Marcos State University
Batac, Ilocos Norte
Tel. Blg.: (077) 792-3187
Sakop ng serbisyo: Region I (Ilocos Norte, Ilocos Sur) at CAR (Abra)

PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University
Rosario, La Union
Tel. Blg.: (072) 712-0118
Sakop ng serbisyo: Region I (La Union, Pangasinan) at CAR (Benguet)

PCC sa Central Luzon State University
CLSU, Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tel. Blg.: (044) 456-5238
Sakop ng serbisyo: Region III at CAR (Abra, Ifugao, Benguet)

PCC sa University of the Philippines-Los Baños
B.M. Gonzales, Animal Science Complex
U.P. Los Baños, College, Laguna
Tel. Blg.: (049) 536-2729
Sakop ng serbisyo: Region IV-A, IV-B, at V

VISAYAS

PCC sa La Carlota Stock Farm
La Granja, La Carlota City
Tel/Fax. Blg.: (034) 735-0121
Sakop ng serbisyo: Region VI (Negros Occidental)

PCC sa Visayas State University
VISCA, Baybay City, Leyte
Tel. Blg.: (053) 335-2648
Sakop ng serbisyo: Region VIII

PCC sa West Visayas State University
WVSU Calinog Campus, Calinog, Iloilo
Tel. Blg.: (033) 320-2445
Tanggapang Tagapag-ugnay: WVSU, La Paz, Iloilo City
Sakop ng serbisyo: Region VI (Iloilo, Guimaras, Capiz)

PCC sa Ubay Stock Farm
Ubay, Bohol
Tel. Blg.: (038)-518-5598
Sakop ng serbisyo: Region VII (Bohol, Cebu, Negros Oriental)

MINDANAO

PCC sa Central Mindanao University
Maramag, Bukidnon
Tel. Blg.: (064) 248-2250
Sakop ng serbisyo: Region X at Region XIII (CARAGA)

PCC sa University of Southern Mindanao,
Kabacan, North Cotabato
Tel. Blg.: (064) 248-2250
Sakop ng serbisyo: Region XI, ARMM (Maguindanao) at Region XII (North Cotabato)

PCC sa Mindanao State University
Marawi City, Lanao del Norte
Tel. Blg.: 0918-518-3854; 0908-883-8897
Sakop ng serbisyo: Region XII (Lanao del Norte) at ARMM (Lanao del Sur)

PCC sa Mindanao Livestock Production Center
Kalawit, Zamboanga del Norte
Tel. Blg.: (062) 311-4762; (0918) 919-4473
WESMIARC, Ipil, Zamboanga
Sakop ng serbisyo: Region IX at ARMM (Sulu, Tawi-tawi)

Ang PCC ay may punong tanggapan (National Headquarters and Gene Pool) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Ito ay may telepono bilang (044) 4560-731 hanggang 34; fax no.: (044) 4560-730; at e-mail: pcc-oed@mozcom.com

PCC Balita

Inilalathala ng Philippine Carabao Center, isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura

PATNUGUTAN

Eric P. Palacpac
Patnugot

Almira P. Bentadan
Tagapamahalang Patnugot/
Layout

Khrizie Evert M. Padre
Katulong na Patnugot

Diane Erica dG. Barawid
Almira P. Bentadan
Wilma Del Rosario
Ma. Cecilia C. Irang
Ronald E. Gordolan, Jr.
Mga Manunulat

Chrissalyn L. Marcelo
Khrizie Evert M. Padre
Anselmo S. Roque
Rachelle-Anne B. Rosqueta
Kimberly B. Turaja

Anselmo S. Roque
Kasanguni

Eric P. Palacpac
Hepe, Knowledge Resource
Management Division

Libertado C. Cruz
Pinunong Tagapagpaganap



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

www.pcc.gov.ph